



Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IV-A CALABARZON
SANGAY NG LUNGSOD NG CABUYAO
Lungsod ng Cabuyao, Laguna

DEPARTMENT OF EDUCATION
CITY SCHOOLS DIVISION OF CABUYAO

**RECORDS INIT
RECEIVED**
BY: *[Signature]*
DATE: *5/31/18*

KALATAS

PARA SA : OIC-Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
ng mga Paaralan
Hepe, Curriculum Implementation Division
OIC-Hepe, School Governance and Operations Division
Mga Pansangay na Tagamasid
Mga Tagamasid Pampurok
Mga Pinuno ng Paaralan sa Elementarya at Sekundarya
Mga Guro sa Filipino Elementarya at Sekundarya
Lahat ng kinauukulan

MULA KAY : *[Signature]*
DORIS DJ. ESTALILLA, Ed.D.
OIC-Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

PAKSA : **GAWAD ULIRANG GURO SA FILIPINO NG KOMISYON SA
WIKANG FILIPINO**

PETSA : Mayo 28, 2018

Ang **Ulirang Guro sa Filipino** ay isa sa taunang gawad na ibinibigay ng **Komisyon ng Wikang Filipino (KWF)** sa mga natatanging guro sa ibat-bang disiplina na gumagamit ng Filipino bilang midyum ng pagtuturo gayon din sa nagpamalas ng husay at inisyatiba sa pagpapalaganap ng Wikang Filipinosa bawat rehiyon at/o probinsiya sa buong bansa.


Layunin ng gawad na ito na maipagparangalan ang mga guro na gumagamit ng Filipino sa kanilang pagtuturo upang maging modelo sa mga mamamayang Filipino sa pagtangkilik ng pambansang wika at kultura sa kanilang komunidad.

Bukod sa indibidwal na aplikasyon, maaring magpadala ng nominasyon ang mga punongguro at OICs ng bawat paaralan. Ang mga aplikante ay dapat na nagtataglay ng mga sumusunod na katangian:

1. May hawak na kaukulang lisensiya sa pagtuturo mula sa Komisyon ng Regulasyon ng mga Propesyonal
2. Nakapaglingkod ng tatlo o higit pang taon bilang guro sa Filipino
3. May makabuluhang ambag sa mga saliksik pangwika at pangkultura ng rehiyon
4. Nakapag-ambag sa pagpapalaganap at promosyon ng Wikang Filipino sa larangan ng pagtuturo sa kanyang komunidad sa pamamagitan ng publikasyon, pagsasanay, palihan at iba pang katulad na gawain



Republika ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IV-A CALABARZON
SANGAY NG LUNGSOD NG CABUYAO
Lungsod ng Cabuyao, Laguna



5. Nanguna sa pagpapahalaga sa pamanag pangwika at pangkultura ng Pilipinas kaagapay sa pagtataguyod at pagpapaunlad sa Wikang Filipino.
6. Nakatanggap ng parangal at/o iba pang gawad kaugnay sa kaniyang propesyon (Opsiyonal)

Maaring magpasa ng isa o higit pang nominasyon ang bawat paaralan. Para sa paunang pagpili, ang bawat nominado at aplikante ay kailang magsumite ng mga sumusunod:

1. Pormulasyon ng aplikasyon
2. Komprehensibong Curriculum Vitae

Ang huling araw ng pagsusumite ng nominasyon ay sa Hunyo 30, 2018. Para sa iba pang detalye, impormasyon at template ng mga isusumiteng forms, maaring makipag-ugnayan kay **Dr. Jonathan F. Bernabe**, EPS-Filipino.